*Reference: DepEd Order No. 42 s. 2016*

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **ARAWANG BANGHAY ARALIN ...ly Lesson Plan (DLP)** | PAARALAN | LUCSUHIN NATIONAL HIGH SCHOOL | ANTAS NG BAITANG | Baitang 9 |
| | PANGALAN NG GURO | **AIRA SHANE L. BRUCAL** | ASIGNATURA | EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO 9 |
| | YUGTO AT PETSA | **Linggo: 5 Disyembre 1, 2025 Lunes**<br>Oras — Klase<br>8:45 - 9:30 — G9 Zamora<br>9:30 - 10:15 — G9 Malvar<br>10:15 – 11:00 — G9 Burgos<br>12:15 - 01:00 — G9 Bonifacio<br>01:00 - 1:45 — G9 Jacinto | MARKAHAN | Ikatlo |

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| A. LAYUNIN | Sa pagtatapos ng Aralin ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>• Natutukoy ang mga indikasyon ng taong masipag, nagpupunyagi, at marunong magtipid;<br>• Natutukoy ang mga kahulugan at halimbawa ng kasipagan at pagtitiyaga; at<br>• Napahahalagahan ang kahalagahan ng kasipagan sa pang-araw-araw na buhay. |
| B. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa kahalagahan ng kasipagan sa paggawa |
| C. Pamantayan sa Pagganap | Nakagagawa ang mga mag-aaral ng mga hakbang upang mapanatili ang kasipagan sa pag-aaral o takdang gawain sa tahanan. |
| D. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto | 1. Natutukoy ang mga indikasyon ng taong masipag, nagpupunyagi, at marunong magtipid;<br>2. Natutukoy ang mga kahulugan at halimbawa ng kasipagan at pagtitiyaga; at<br>3. Napahahalagahan ang kahalagahan ng kasipagan sa pang-araw-araw na buhay. |
| E. Nilalaman | Kasipagan, Pagpupunyagi, Pagtitipid at Wastong Pamamahala sa Naimpok |
| F. Integrasyon | **Pag-uugnay sa Ibang Asignatura:**<br>✔ Filipino- Nauunawaan ang elemento at layunin ng tekstong naratibo/parabula.<br>✔ Araling Panlipunan- Naipapaliwanag ang konsepto ng matalinong paggamit ng pinagkukunang-yaman at kita.<br>✔ TLE- Naipamamalas ang kasipagan, disiplina, at pananagutan sa paggawa ng proyekto o gawain. |
| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** | |
| *Pagpapakatao 9 Batayang Aklat sa Pagpapapkatao* Modyul Para sa mag-aaral | |
| **III. MGA HAKBANG S APAGTUTURO AT PAGKATUTO** | |

| | |
|---|---|
| A. Pagkuha ng Dating Kaalaman / Pagsisimula ng Bagong Aralin | Ano-anong pagpapahalaga sa paggawa ang natutuhan mo sa nakaraang aralin?<br>Pasagutan ang Paunang Pagtataya sa LM pahina 163-164. |
| B. Paglalahad ng Layunin ng Aralin | Layunin ng aralin na:<br>1. Natutukoy ang mga indikasyon ng taong masipag, nagpupunyagi, at marunong magtipid;<br>2. Natutukoy ang mga kahulugan at halimbawa ng kasipagan at pagtitiyaga; at<br>3. Napahahalagahan ang kahalagahan ng kasipagan sa pang-araw-araw na buhay. |
| C. Paglinang at Pagpapalalim | TALAKAYAN<br><br>Sino sa inyo ang mahilig mag-ipon ng pera o tumulong sa gawaing bahay? Naisip niyo na ba kung paano nakatutulong ang pagiging masipag at matiyaga sa ating pangarap?<br>Ngayon, pag-uusapan natin ang kahalagahan ng kasipagan, pagpupunyagi, at pagtitipid, pati na rin ang mga halimbawa nito na maaari nating gawing gabay<br><br>Ano ang Kasipagan, Pagpupunyagi, at Pagtitipid?<br>**1. Kasipagan**<br>• Kahulugan: Ang kasipagan ay tumutukoy sa pagiging masikap sa paggawa at pagkakaroon ng disiplina upang matapos ang mga gawain.<br>**Halimbawa:**<br>• Pagtulong sa gawaing bahay tulad ng paglilinis at paghuhugas ng plato.<br>• Pag-aaral nang mabuti upang makapasa sa pagsusulit.<br>**2. Pagpupunyagi**<br>• Kahulugan: Ang pagpupunyagi ay ang patuloy na paggawa at pagsisikap kahit may mga hamon o hirap na nararanasan.<br>• **Halimbawa:**<br>• Pagtapos ng proyekto kahit kulang ang oras.<br>• Pagpapasa ng mga requirements sa kabila ng mga pagsubok.<br>**3. Pagtitipid**<br>• Kahulugan: Ang pagtitipid ay ang maingat na paggamit ng mga yaman tulad ng pera at oras.<br>• **Halimbawa:**<br>• Pag-iwas sa pagbili ng mga bagay na hindi kailangan.<br>• Paggamit ng recycled materials sa mga proyekto.<br><br>Ang Talinghaga ng mga Talento<br>**(Mateo 25:14-30)**<br>*Noong panahon ni Jesus, nagkwento siya sa kanyang mga tagasunod tungkol sa isang lalaki na naglalakbay papunta sa malayong lugar. Bago siya umalis, tinawag niya ang tatlong alipin upang ipagkatiwala ang kanyang mga ari-arian. Binigyan niya ang bawat isa ayon sa kanilang kakayahan.*<br>1. Ang una ay binigyan ng limang talento. |

Address: Lucsuhin, Calatagan, Batangas 4215
(043) 786 - 2060
301111@deped.gov.ph

| | |
|---|---|
| | 2. Ang pangalawa ay binigyan ng dalawang talento.<br>3. Ang pangatlo ay binigyan ng isang talento.<br>*Agad na ginamit ng unang alipin ang limang talento. Pinuhunan niya ito at nagkaroon ng karagdagang* ***limang talento****. Ganun din ang ginawa ng pangalawang alipin sa kanyang dalawang talento.*<br>*Nakapagdala siya ng karagdagang dalawang talento. Ngunit ang pangatlong alipin, sa halip na gamitin ang kanyang talento, ito ay ibinaon niya sa lupa dahil sa takot na mawala ito.*<br>Ang Pagsusulit sa mga Alipin:<br>**Pagbalik ng may-ari, tinanong niya ang tatlong alipin kung paano nila ginamit ang mga talento.**<br>1. *Unang Alipin: "Panginoon, heto ang limang talento na ibinigay mo. Nakapagdala ako ng karagdagang limang talento."*<br>○ *Sagot ng May-ari: "Magaling! Ikaw ay tapat at mabuting alipin. Dahil naging tapat ka sa maliit na bagay, bibigyan kita ng higit pang responsibilidad. Pumasok ka at makibahagi sa aking kagalakan."*<br>*2. Ikalawang Alipin: "Panginoon, heto ang dalawang talento na ibinigay mo. Nakapagdala ako ng karagdagang dalawang talento."*<br>• *Sagot ng May-ari: "Magaling! Ikaw ay tapat at mabuting alipin. Dahil naging tapat ka sa maliit na bagay, bibigyan kita ng higit pang responsibilidad. Pumasok ka at makibahagi sa aking kagalakan."*<br>*3. Pangatlong Alipin: "Panginoon, alam ko na ikaw ay mahigpit. Natatakot akong mawala ang iyong talento kaya ibinaon ko ito sa lupa. Heto, kunin mo ang talento mo."*<br>○ *Sagot ng May-ari: "Ikaw ay masama at tamad na alipin! Alam mo na mahigpit ako, ngunit wala kang ginawa upang palaguin ang aking yaman. Sana man lang ay inilagay mo ito sa bangko upang kumita ng interes."*<br>*Dahil dito, kinuha ng may-ari ang talento mula sa tamad na alipin at ibinigay ito sa unang alipin.*<br><br>Mga Tanong:<br>1. Ano ang ginawa ng unang alipin sa kanyang talento?<br>2. Ano ang naging reaksyon ng may-ari sa unang at ikalawang alipin?<br>3. Ano ang naging pagkakamali ng pangatlong alipin?<br>4. Ano ang natutunan mo mula sa kwentong ito tungkol sa kasipagan at pagpupunyagi?<br>5. Paano mo magagamit ang iyong talento upang makatulong sa iba? |
| D. Paglalahat | 1. Ang bawat isa ay binigyan ng Diyos ng talento at responsibilidad ayon sa kanilang kakayahan.<br>2. Ang kasipagan at pagpupunyagi sa paggamit ng talento ay nagbibigay ng pagpapala.<br>3.Ang tamad na tao ay nawawalan ng pagkakataon at hindi nagiging mabuting katiwala ng biyaya ng Diyos.<br>4. Ang tamang paggamit ng mga biyaya ng Diyos ay nagdudulot ng kaligayahan at tagumpay. |
| **IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO** | |
| A. Pagtataya | Pagtataya<br>Panuto: Basahin ang bawat tanong at piliin ang tamang sagot mula sa mga pagpipilian. Isulat ang titik ng tamang sagot sa inyong sagutang papel.<br>1. Ilang alipin ang tinawag ng may-ari upang pagkatiwalaan ng kanyang yaman?<br>A. Isa B. Dalawa<br>C. Tatlo D. Apat |

| | |
|---|---|
| | 2. Ilang talento ang ibinigay sa unang alipin?<br>A. Tatlo B. Lima<br>C. Dalawa D. Isa<br><br>3. Ano ang ginawa ng unang alipin sa mga talento na ipinagkatiwala sa kanya?<br>A. Ibinaon sa lupa B. Ginamit sa negosyo at pinalago<br>C. Ibinigay sa iba D. Winaldas ang pera<br><br>4. Ano ang natanggap ng ikalawang alipin mula sa may-ari?<br>A. Limang talento B. Tatlong talento<br>C. Dalawang talento D. Walang talento<br><br>5. Ano ang ginawa ng pangatlong alipin sa talento na ibinigay sa kanya?<br>A. Itinago sa lupa dahil natatakot siyang mawala ito B. Pinalago ito sa negosyo<br>C. Ibinigay sa mahihirap D. Ibinili ng pagkain<br><br>6. Ano ang sinabi ng may-ari sa unang dalawang alipin na nagpalago ng talento?<br>A. "Masama at tamad na alipin."<br>B. "Magaling! Ikaw ay tapat at mabuting alipin."<br>C. "Ba't hindi mo ito itinago sa lupa?"<br>D. "Ibigay mo sa akin ang mga pinalago mong talento."<br><br>7. Bakit hindi nasiyahan ang may-ari sa ginawa ng pangatlong alipin?<br>A. Dahil itinago niya ang talento at hindi ito ginamit<br>B. Dahil nawala niya ang talento<br>C. Dahil ibinigay niya ito sa iba<br>D. Dahil hindi niya sinunod ang utos ng may-ari<br><br>8. Ano ang ginawa ng may-ari sa talento ng tamad na alipin?<br>A. Ipinamigay sa iba<br>B. Kinuha at ibinigay sa unang alipin<br>C. Iniwan sa tamad na alipin<br>D. Sinunog ang talento<br><br>9. Ano ang pangunahing aral sa kwento ng Talinghaga ng mga Talento? |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | A. Ang talento ay dapat gamitin at palaguin<br>B. Mas maganda ang magtago ng yaman<br>C. Ang hindi paggamit ng talento ay magdadala ng yaman<br>D. Mas mabuti ang huwag magtrabaho upang hindi magkamali<br><br>10. Ano ang simbolo ng talento sa kwento?<br>A. Biyaya at kakayahan na ibinigay ng Diyos<br>B. Yaman na galing sa ibang tao<br>C. Pera na kailangang gastusin<br>D. Ari-arian ng may-ari<br><br>**SUSI SA PAGKATUTO**<br>1. C 6. B<br>2. B 7. A<br>3. B 8. B<br>4. C 9. A<br>5. A 10. A | | |
| E. Karagdagang gawain para sa takdang aralin at remediation | Bawat grupo ay magdadala ng maaring gamitin na device (laptop, tablet, cellphone, etc) sa paggawa ng digital presentation. | | |
| B. Pagbuo ng Anotasyon | **Itala ang Obserbasyon** | **Epektibong Pamamaraan** | **Suliraning Naranasan o Ibang Usapin** |
| | Istratehiya | Nahihikayat ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral.<br>Nalilinang ang malikhaing pag-iisip sa pag-uugnay ng mga ideya.<br>Naikokonekta ng mag-aaral ang teorya sa tunay na buhay.<br>Napapalalim ang kasipagan, pagpupunyagi, pagtitipid at wastong pamamahala sa naimpok. | |
| | Kagamitan | Aklat,laptop, powerpoint presentation | |
| | Pakikilahok | Ang mag-aaral ay nakikilahok sa klase sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong ng guro at pagbibigay ng sariling opinyon. Aktibo rin siyang gumagawa ng mga gawain sa loob ng grupo at tumutulong sa paglalahad ng resulta ng kanilang group activity. Bukod dito, ipinakikita rin niya ang pakikinig at pagtugon sa mga ideya ng kanyang mga kamag-aral. | |
| | Iba pa | | |
| C. Pagninilay | Pamantayan o pamamaraan sa Pagtuturo | Ginagamit ng guro ang mga angkop na estratehiya upang mas maunawan ng mga mag-aaral ang kasipagan, pagpupunyagi, pagtitipid at wastong pamamahala sa naimpok. | |

| | | |
|---|---|---|
| | Kakayahan ng mga Mag-aaral | Ang mga mag-aaral ay may kakayahang magpahayag ng sariling opinyon, makipagtulungan sa gawain ng grupo, at mag-ugnay ng konsepto sa tunay na buhay. Naipakikita nila ang pag-unawa sa aralin sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok at malikhaing pagpapahayag. |
| | Inaasahang Pagbabago | Inaasahang magkakaroon ng mas malalim na pag-unawa ang mga mag-aaral sa kasipagan, pagpupunyagi, pagtitipid at wastong pamamahala sa naimpok.bilang isang mamamayang Pilipino. Mapaunlad nila ang kanilang kaalaman at maipakita ang pagiging makabayan |

| Inihanda: | Sinuri: | Binigyang-pansin: |
|---|---|---|
| **AIRA SHANE L. BRUCAL**<br>Guro I | **JUANITO P. HOMBREBUENO**<br>Dalubguro I, EsP | **ELENOR A. PANTOJA**<br>Ulongguro I, EsP |

*Reference: DepEd Order No. 42 s. 2016*

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **ARAWANG BANGHAY ARALIN**<br>**…ly Lesson Plan (DLP)** | PAARALAN | LUCSUHIN NATIONAL HIGH SCHOOL | ANTAS NG BAITANG | Baitang 9 |
| | PANGALAN NG GURO | **AIRA SHANE L. BRUCAL** | ASIGNATURA | EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO 9 |
| | YUGTO AT PETSA | **Linggo: 5 Disyembre 2, 2025 Martes**<br>Oras Klase<br>8:45 - 9:30 G9 Zamora<br>9:30 - 10:15 G9 Malvar<br>10:15 – 11:00 G9 Burgos<br>12:15 - 01:00 G9 Bonifacio<br>01:00 - 1:45 G9 Jacinto | MARKAHAN | Ikatlo |

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| B. LAYUNIN | Sa pagtatapos ng Aralin ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>- Natutukoy ang mga katangian ng taong masipag at may pagpupunyagi;<br>- Gumagawa ng isang listahan ng mga kilalang tao na naging matagumpay dahil sa kasipagan at pagpupunyagi; at<br>- Napupukaw ang damdamin upang tularan ang mga taong masipag at mapagpursigi. |
| B. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa kahalagahan ng kasipagan sa paggawa |

| | |
|---|---|
| C. Pamantayan sa Pagganap | Nakagagawa ang mga mag-aaral ng mga hakbang upang mapanatili ang kasipagan sa pag-aaral o takdang gawain sa tahanan. |
| D. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto | 1. Natutukoy ang mga katangian ng taong masipag at may pagpupunyagi;<br>2. Gumagawa ng isang listahan ng mga kilalang tao na naging matagumpay dahil sa kasipagan at pagpupunyagi; at<br>3. Napupukaw ang damdamin upang tularan ang mga taong masipag at mapagpursigi. |
| E. Nilalaman | Kasipagan, Pagpupunyagi, Pagtitipid at Wastong Pamamahala sa Naimpok |
| F. Integrasyon | **Pag-uugnay sa Ibang Asignatura:**<br>✔ Filipino- Nauunawaan ang elemento at layunin ng tekstong naratibo/parabula.<br>✔ Araling Panlipunan- Naipapaliwanag ang konsepto ng matalinong paggamit ng pinagkukunang-yaman at kita.<br>✔ TLE- Naipamamalas ang kasipagan, disiplina, at pananagutan sa paggawa ng proyekto o gawain. |
| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** | |
| *Pagpapakatao 9 Batayang Aklat sa Pagpapapkatao* Modyul Para sa mag-aaral | |
| **III. MGA HAKBANG S APAGTUTURO AT PAGKATUTO** | |
| A. Pagkuha ng Dating Kaalaman / Pagsisimula ng Bagong Aralin | Sino sa inyo ang may paboritong personalidad na talagang hinahangaan? Halimbawa, mga atleta, negosyante, o lider na naging matagumpay sa kanilang larangan.<br><br>Alam niyo ba na ang kanilang tagumpay ay bunga ng kanilang kasipagan at pagpupunyagi? Ngayon, pag-uusapan natin ang mga katangian ng taong masipag at may pagpupunyagi, pati na rin ang mga kilalang tao na naging matagumpay dahil sa mga katangiang ito. |
| B. Paglalahad ng Layunin ng Aralin | Layunin ng aralin na:<br>1. Natutukoy ang mga katangian ng taong masipag at may pagpupunyagi;<br>2. Gumagawa ng isang listahan ng mga kilalang tao na naging matagumpay dahil sa kasipagan at pagpupunyagi; at<br>3. Napupukaw ang damdamin upang tularan ang mga taong masipag at mapagpursigi. |
| C. Paglinang at Pagpapalalim | TALAKAYAN<br>Ano ang Katangian ng Taong Masipag at May Pagpupunyagi?<br>**1. Determinasyon**<br>○ Ang taong masipag at may pagpupunyagi ay may matibay na determinasyon na maabot ang kanilang layunin.<br>○ Halimbawa: Patuloy silang nagsisikap kahit maraming hamon o pagkabigo.<br>**2. Pagsisikap**<br>○ Hindi sila tumitigil sa paggawa hanggang sa matapos ang isang gawain nang maayos.<br>○ Halimbawa: Nag-aaral sila nang mabuti upang makakuha ng mataas na marka.<br>**3. Masinop**<br>○ Marunong silang magplano at gumamit ng kanilang oras at yaman nang maayos.<br>○ Halimbawa: Tinitiyak nilang may sapat silang oras para sa gawain at pahinga.<br>**4. Pagiging Matiyaga**<br>○ Hindi sila sumusuko kahit gaano kahirap ang kanilang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| | ◦ Halimbawa: Isang magsasaka na patuloy na nagtatanim kahit na mahirap ang panahon.<br>**5. Positibong Pananaw**<br>◦ Naniniwala sila na ang kanilang pagsisikap ay magdadala ng tagumpay.<br>◦ Halimbawa: Nakikita nila ang pagkabigo bilang pagkakataon upang matuto.<br><br>**Mga Kilalang Tao na Naging Matagumpay Dahil sa Kasipagan at Pagpupunyagi**<br>**1. Dr. Jose Rizal**<br>• Ginamit niya ang kanyang talino at kasipagan upang labanan ang pang-aapi sa pamamagitan ng pagsusulat.<br>• Mga Halimbawa ng Pagsisikap: Sinulat niya ang mga nobelang Noli Me Tangere at El Filibusterismo upang gisingin ang diwa ng mga Pilipino.<br>**2. Manny Pacquiao**<br>• Nagsimula bilang isang mahirap na boksingero at naging isa sa pinakamagaling na atleta sa buong mundo.<br>• Mga Halimbawa ng Pagsisikap: Araw-araw siyang nag-eensayo kahit na maraming hamon sa kanyang buhay.<br>**3. Henry Sy**<br>• Isang negosyanteng nagmula sa simpleng pamumuhay bago maitayo ang SM, isa sa pinakamalaking mall chains sa buong Pilipinas.<br>• Mga Halimbawa ng Pagsisikap: Nagsimula siya bilang isang tindero at nagtrabaho nang masipag hanggang makapagpatayo ng negosyo.<br>**4. Hidilyn Diaz**<br>• Unang Pilipinang nakapag-uwi ng gintong medalya sa Olympics.<br>• Mga Halimbawa ng Pagsisikap: Sa kabila ng kakulangan sa pondo at suporta, nagpatuloy siya sa pag-eensayo hanggang sa makamit ang tagumpay.<br>**5. Catriona Gray**<br>• Nanalo bilang Miss Universe 2018 dahil sa kanyang kasipagan at dedikasyon sa paghahanda.<br>• Mga Halimbawa ng Pagsisikap: Sinanay niya ang kanyang sarili sa pagsagot sa tanong at pagpapakita ng pagiging makabayan.<br><br>**AKTIBIDAD**<br>**Layunin:**<br>Makabuo ng listahan ng mga kilalang tao na naging matagumpay dahil sa kasipagan at pagpupunyagi. Gumawa ng digital na presentasyon gamit ang powerpoint o canva.<br>**Hakbang:**<br>1. Pangkatang Gawain: Hatiin ang klase sa 4-5 grupo.<br>2. Tagubilin: Magbigay ang bawat grupo ng 3-5 tao (lokal o pandaigdigan) na naging matagumpay dahil sa kasipagan. |
| D. Paglalahat | Ang kasipagan at pagpupunyagi ay hindi lamang mga kasanayan kundi **mahahalagang pagpapahalagang humuhubog sa pagkatao**. Ipinakita ng aralin na ang taong may determinasyon, tiyaga, at positibong pananaw ay nagagawang pagtagumpayan ang hirap at kabiguan sa buhay. Sa mga halimbawa ng mga kilalang tao na nagtagumpay dahil sa kasipagan, napatunayan na ang **tunay na tagumpay ay bunga ng matiyagang paggawa, disiplina, at paninindigan sa tamang mithiin**. Bilang kabataan, mahalagang isabuhay ang mga pagpapahalagang ito sa araw-araw—sa pag-aaral, sa tahanan, at sa pakikitungo sa kapwa—upang maging **responsableng mamamayan** na may malasakit sa sarili, sa kapwa, at sa bayan. |

**IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO**

A. Pagtataya

**Rubriks**
Asignatura: Edukasyon sa Pagpapakatao 9
Layunin: Makabuo ng listahan ng mga kilalang tao na naging matagumpay dahil sa kasipagan at pagpupunyagi.
Output: PowerPoint o Canva Presentation
Kabuuang Puntos: 20

| Pamantayan | Napakahusay (4) | Mahusay (3) | Katamtaman (2) | Nangangailangan ng Pagpapabuti (1) |
|---|---|---|---|---|
| Pagpili ng mga Tao | Nakapili ng 3–5 kilalang tao na malinaw na nagpapakita ng kasipagan at tagumpay | Nakapili ng angkop na tao ngunit may bahagyang kakulangan | May iilang taong hindi malinaw ang ugnayan sa kasipagan | Hindi angkop ang mga napiling tao |
| Pagpapaliwanag ng Kasipagan at Tagumpay | Malinaw at makabuluhan ang paliwanag kung paano naging susi ang kasipagan sa tagumpay | Malinaw ang paliwanag ngunit kulang sa detalye | May paliwanag ngunit hindi sapat | Halos walang paliwanag |
| Nilalaman at Katumpakan ng Impormasyon | Tumpak, organisado, at may sapat na detalye ang impormasyon | Karamihan ay tumpak at maayos | May ilang di-kumpletong detalye | Hindi tumpak o magulo ang impormasyon |
| Kaayusan at Disenyo ng Presentasyon | Malikhain, malinaw, at kaaya-ayang disenyo | Maayos at malinaw ang disenyo | Medyo magulo ngunit naiintindihan | Magulo at mahirap unawain |
| Kooperasyon at Partisipasyon ng Grupo | Lahat ng kasapi ay aktibong nakilahok | Karamihan ay nakilahok | Iilan lamang ang aktibo | Halos walang kooperasyon |

| B. Pagbuo ng Anotasyon | **Itala ang Obserbasyon** | **Epektibong Pamamaraan** | **Suliraning Naranasan o Ibang Usapin** |
|---|---|---|---|

Address: Lucsuhin, Calatagan, Batangas 4215
(043) 786 - 2060
301111@deped.gov.ph

| | | | |
|---|---|---|---|
| | Istratehiya | Nahihikayat ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral. Nalilinang ang malikhaing pag-iisip sa pag-uugnay ng mga ideya. Naikokonekta ng mag-aaral ang teorya sa tunay na buhay. Napapalalim ang kasipagan, pagpupunyagi, pagtitipid at wastong pamamahala sa naimpok. | |
| | Kagamitan | Aklat,laptop, powerpoint presentation | |
| | Pakikilahok | Ang mag-aaral ay nakikilahok sa klase sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong ng guro at pagbibigay ng sariling opinyon. Aktibo rin siyang gumagawa ng mga gawain sa loob ng grupo at tumutulong sa paglalahad ng resulta ng kanilang group activity. Bukod dito, ipinakikita rin niya ang pakikinig at pagtugon sa mga ideya ng kanyang mga kamag-aral. | |
| | Iba pa | | |
| C. Pagninilay | Pamantayan o pamamaraan sa Pagtuturo | Ginagamit ng guro ang mga angkop na estratehiya upang mas maunawan ng mga mag-aaral ang kasipagan, pagpupunyagi, pagtitipid at wastong pamamahala sa naimpok. | |
| | Kakayahan ng mga Mag-aaral | Ang mga mag-aaral ay may kakayahang magpahayag ng sariling opinyon, makipagtulungan sa gawain ng grupo, at mag-ugnay ng konsepto sa tunay na buhay. Naipakikita nila ang pag-unawa sa aralin sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok at malikhaing pagpapahayag. | |
| | Inaasahang Pagbabago | Inaasahang magkakaroon ng mas malalim na pag-unawa ang mga mag-aaral sa kasipagan, pagpupunyagi, pagtitipid at wastong pamamahala sa naimpok.bilang isang mamamayang Pilipino. Mapaunlad nila ang kanilang kaalaman at maipakita ang pagiging makabayan | |

Inihanda: Sinuri: Binigyang-pansin:

**AIRA SHANE L. BRUCAL**
Guro I

**JUANITO P. HOMBREBUENO**
Dalubguro I, EsP

**ELENOR A. PANTOJA**
Ulongguro I, EsP

*Reference: DepEd Order No. 42 s. 2016*

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **ARAWANG BANGHAY ARALIN ...ly Lesson Plan (DLP)** | PAARALAN | LUCSUHIN NATIONAL HIGH SCHOOL | ANTAS NG BAITANG | Baitang 9 |
| | PANGALAN NG GURO | **AIRA SHANE L. BRUCAL** | ASIGNATURA | EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO 9 |
| | YUGTO AT PETSA | **Linggo: 5 Disyembre 3, 2025 Miyerkules**<br>Oras Klase<br>8:45 - 9:30 G9 Zamora | MARKAHAN | Ikatlo |

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| C. LAYUNIN | Sa pagtatapos ng Aralin ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>• Natutukoy ang mga katangian ng taong masipag at may pagpupunyagi;<br>• Gumagawa ng isang listahan ng mga kilalang tao na naging matagumpay dahil sa kasipagan at pagpupunyagi; at<br>• Napupukaw ang damdamin upang tularan ang mga taong masipag at mapagpursigi. |
| B. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa kahalagahan ng kasipagan sa paggawa |
| C. Pamantayan sa Pagganap | Nakagagawa ang mga mag-aaral ng mga hakbang upang mapanatili ang kasipagan sa pag-aaral o takdang gawain sa tahanan. |
| D. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto | 1. Natutukoy ang mga katangian ng taong masipag at may pagpupunyagi;<br>2. Gumagawa ng isang listahan ng mga kilalang tao na naging matagumpay dahil sa kasipagan at pagpupunyagi; at<br>3. Napupukaw ang damdamin upang tularan ang mga taong masipag at mapagpursigi. |
| E. Nilalaman | Kasipagan, Pagpupunyagi, Pagtitipid at Wastong Pamamahala sa Naimpok |
| F. Integrasyon | **Pag-uugnay sa Ibang Asignatura:**<br>✔ Filipino- Nauunawaan ang elemento at layunin ng tekstong naratibo/parabula.<br>✔ Araling Panlipunan- Naipapaliwanag ang konsepto ng matalinong paggamit ng pinagkukunang-yaman at kita.<br>✔ TLE- Naipamamalas ang kasipagan, disiplina, at pananagutan sa paggawa ng proyekto o gawain. |
| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** | |
| *Pagpapakatao 9 Batayang Aklat sa Pagpapapkatao* Modyul Para sa mag-aaral | |
| **III. MGA HAKBANG S APAGTUTURO AT PAGKATUTO** | |
| A. Pagkuha ng Dating Kaalaman / Pagsisimula ng Bagong Aralin | Magkakaroon ng recap tungkol sa mga nabunot na bawat grupo at magbabahagi kung ano ang kanilang mga naging karanasan sa ginawang aktibidad. |
| B. Paglalahad ng Layunin ng Aralin | Layunin ng aralin na:<br>1. Natutukoy ang mga katangian ng taong masipag at may pagpupunyagi;<br>2. Gumagawa ng isang listahan ng mga kilalang tao na naging matagumpay dahil sa kasipagan at pagpupunyagi; at<br>3. Napupukaw ang damdamin upang tularan ang mga taong masipag at mapagpursigi. |
| C. Paglinang at Pagpapalalim | **Pagbabahagi**<br><br>Ibahagi ng bawat grupo ang kanilang ginawang presentasyon at ipaliwanag kung bakit hinahangaan nila ang mga taong ito. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| D. Paglalahat | Ang kasipagan at pagpupunyagi ay hindi lamang mga kasanayan kundi **mahahalagang pagpapahalagang humuhubog sa pagkatao**. Ipinakita ng aralin na ang taong may determinasyon, tiyaga, at positibong pananaw ay nagagawang pagtagumpayan ang hirap at kabiguan sa buhay. Sa mga halimbawa ng mga kilalang tao na nagtagumpay dahil sa kasipagan, napatunayan na ang **tunay na tagumpay ay bunga ng matiyagang paggawa, disiplina, at paninindigan sa tamang mithiin**. Bilang kabataan, mahalagang isabuhay ang mga pagpapahalagang ito sa araw-araw—sa pag-aaral, sa tahanan, at sa pakikitungo sa kapwa—upang maging **responsableng mamamayan** na may malasakit sa sarili, sa kapwa, at sa bayan. | | |
| **IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO** | | | |
| A. Pagtataya | Bawat grupo ay magbibigay ng puntos base sa binigay na rubriks. Ito ay pagsasama-samahin para mabuo ang 50%. Ang natitirang 50% ay manggagaling sa guro. | | |
| B. Pagbuo ng Anotasyon | **Itala ang Obserbasyon** | **Epektibong Pamamaraan** | **Suliraning Naranasan o Ibang Usapin** |
| | Istratehiya | Nahihikayat ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral.<br>Nalilinang ang malikhaing pag-iisip sa pag-uugnay ng mga ideya.<br>Naikokonekta ng mag-aaral ang teorya sa tunay na buhay.<br>Napapalalim ang kasipagan, pagpupunyagi, pagtitipid at wastong pamamahala sa naimpok. | |
| | Kagamitan | Aklat,laptop, powerpoint presentation | |
| | Pakikilahok | Ang mag-aaral ay nakikilahok sa klase sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong ng guro at pagbibigay ng sariling opinyon. Aktibo rin siyang gumagawa ng mga gawain sa loob ng grupo at tumutulong sa paglalahad ng resulta ng kanilang group activity. Bukod dito, ipinakikita rin niya ang pakikinig at pagtugon sa mga ideya ng kanyang mga kamag-aral. | |
| | Iba pa | | |
| C. Pagninilay | Pamantayan o pamamaraan sa Pagtuturo | Ginagamit ng guro ang mga angkop na estratehiya upang mas maunawan ng mga mag-aaral ang kasipagan, pagpupunyagi, pagtitipid at wastong pamamahala sa naimpok. | |
| | Kakayahan ng mga Mag-aaral | Ang mga mag-aaral ay may kakayahang magpahayag ng sariling opinyon, makipagtulungan sa gawain ng grupo, at mag-ugnay ng konsepto sa tunay na buhay. Naipakikita nila ang pag-unawa sa aralin sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok at malikhaing pagpapahayag. | |
| | Inaasahang Pagbabago | Inaasahang magkakaroon ng mas malalim na pag-unawa ang mga mag-aaral sa kasipagan, pagpupunyagi, pagtitipid at wastong pamamahala sa naimpok.bilang isang mamamayang Pilipino. Mapaunlad nila ang kanilang kaalaman at maipakita ang pagiging makabayan | |

Inihanda:

**AIRA SHANE L. BRUCAL**
Guro I

Sinuri:

**JUANITO P. HOMBREBUENO**
Dalubguro I, EsP

Binigyang-pansin:

**ELENOR A. PANTOJA**
Ulongguro I, EsP

Republic of the Philippines
**Department of Education**
REGION IV-A CALABARZON
SCHOOLS DIVISION OF BATANGAS
LUCSUHIN NATIONAL HIGH SCHOOL

*Reference: DepEd Order No. 42 s. 2016*

| ARAWANG BANGHAY ARALIN ...ly Lesson Plan (DLP) | PAARALAN | LUCSUHIN NATIONAL HIGH SCHOOL | ANTAS NG BAITANG | Baitang 9 |
|---|---|---|---|---|
| | PANGALAN NG GURO | **AIRA SHANE L. BRUCAL** | ASIGNATURA | EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO 9 |
| | YUGTO AT PETSA | **Linggo: 5 Disyembre 4, 2025 Huwebes**<br>Oras Klase<br>8:45 - 9:30 G9 Zamora<br>9:30 - 10:15 G9 Malvar<br>10:15 – 11:00 G9 Burgos<br>12:15 - 01:00 G9 Bonifacio<br>01:00 - 1:45 G9 Jacinto | MARKAHAN | Ikatlo |

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| D. LAYUNIN | Sa pagtatapos ng Aralin ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>• Napapaliwanag ang kaugnayan ng disiplina at produktibong gawain sa tagumpay;<br>• Gumuguhit ng isang poster na nagpapakita ng disiplina sa paggawa; at<br>• Napahalagahan ang disiplina bilang susi sa tagumpay. |
| B. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa kahalagahan ng kasipagan sa paggawa |
| C. Pamantayan sa Pagganap | Nakagagawa ang mga mag-aaral ng mga hakbang upang mapanatili ang kasipagan sa pag-aaral o takdang gawain sa tahanan. |
| D. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto | 1. Napapaliwanag ang kaugnayan ng disiplina at produktibong gawain sa tagumpay;<br>2. Gumuguhit ng isang poster na nagpapakita ng disiplina sa paggawa; at<br>3. Napahalagahan ang disiplina bilang susi sa tagumpay. |
| E. Nilalaman | Kasipagan, Pagpupunyagi, Pagtitipid at Wastong Pamamahala sa Naimpok |
| F. Integrasyon | **Pag-uugnay sa Ibang Asignatura:**<br>✔ Filipino- Nauunawaan ang elemento at layunin ng tekstong naratibo/parabula.<br>✔ Araling Panlipunan- Naipapaliwanag ang konsepto ng matalinong paggamit ng pinagkukunang-yaman at kita.<br>✔ TLE- Naipamamalas ang kasipagan, disiplina, at pananagutan sa paggawa ng proyekto o gawain. |
| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** | |
| *Pagpapakatao 9 Batayang Aklat sa Pagpapapkatao* Modyul Para sa mag-aaral | |
| **III. MGA HAKBANG S APAGTUTURO AT PAGKATUTO** | |

| | |
|---|---|
| A. Pagkuha ng Dating Kaalaman / Pagsisimula ng Bagong Aralin | Magbabahagi ang mga bata sa klase tungkol mga natutunan nila sa kanilang naging aktibidad noong nakaraang araw. |
| B. Paglalahad ng Layunin ng Aralin | Layunin ng aralin na:<br>1. Napapaliwanag ang kaugnayan ng disiplina at produktibong gawain sa tagumpay;<br>2. Gumuguhit ng isang poster na nagpapakita ng disiplina sa paggawa; at<br>3. Napahalagahan ang disiplina bilang susi sa tagumpay. |
| C. Paglinang at Pagpapalalim | **GAWAIN: POSTER MAKING**<br>**Panuto**:Ngayon, ipapakita mo ang kahalagahan ng disiplina sa paggawa sa pamamagitan ng pagguhit ng isang poster. Sundin ang mga hakbang na ito:<br><br>**1.Paghahanda**: Kumuha ng isang malinis na papel o kartolina at mga kagamitan sa pagguhit tulad ng lapis, krayola, o colored pencils.<br>**2. Piliin ang Tema**: Isipin ang isang eksena kung saan makikita ang disiplina sa paggawa. Halimbawa:<br>○ Isang estudyante na maayos na gumagawa ng proyekto.<br>○ Isang manggagawa na masipag sa kanyang trabaho.<br>○ Isang pamilya na nagtutulungan sa gawaing bahay.<br>**3. Gumuhit ng Poster:**<br>○ Sa itaas ng papel, maglagay ng pamagat tulad ng: “Ang Disiplina sa Paggawa ay Susi sa Tagumpay!”<br>○ Gumuhit ng eksenang nagpapakita ng disiplina sa paggawa.<br>○ Gawing makulay at malinaw ang poster upang maipakita ang mensahe.<br>**4. Lagyan ng Mensahe:**<br>○ Maglagay ng maikling mensahe sa ilalim ng iyong poster. Halimbawa:<br>■ “Sipag at Tiyaga, Tagumpay ang Dala!”<br>■ “Disiplina: Daan Patungo sa Tagumpay.”<br>**5. Ipakita at Ibahagi:**<br>○ Kapag natapos mo na ang iyong poster, ipakita ito sa harap ng klase.<br>○ Ipaliwanag kung ano ang nais mong iparating sa iyong guhit. |
| D. Paglalahat | Ang kasipagan at pagpupunyagi ay hindi lamang mga kasanayan kundi **mahahalagang pagpapahalagang humuhubog sa pagkatao**. Ipinakita ng aralin na ang taong may determinasyon, tiyaga, at positibong pananaw ay nagagawang pagtagumpayan ang hirap at kabiguan sa buhay. Sa mga halimbawa ng mga kilalang tao na nagtagumpay dahil sa kasipagan, napatunayan na ang **tunay na tagumpay ay bunga ng matiyagang paggawa, disiplina, at paninindigan sa tamang mithiin**. Bilang kabataan, mahalagang isabuhay ang mga pagpapahalagang ito sa araw-araw—sa pag-aaral, sa tahanan, at sa pakikitungo sa kapwa—upang maging **responsableng mamamayan** na may malasakit sa sarili, sa kapwa, at sa bayan. |
| **IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO** | |

| | |
|---|---|
| A. Pagtataya | **Rubriks** |

| Pamantayan | Napakahusay (4) | Mahusay (3) | Katamtaman (2) | Kailangan pang Pagbutihin (1) |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman at Laliman ng Mensahe | Malinaw, malalim, at makabuluhan ang mensahe; malinaw na naipapakita ang disiplina sa paggawa at kahalagahan nito | Malinaw ang mensahe ngunit kulang sa lalim | May mensahe ngunit hindi malinaw ang ugnayan sa disiplina sa paggawa | Walang malinaw na mensahe o hindi tumutugon sa paksa |
| Kaugnayan sa Tema at Konsepto | Lubos na naaayon ang guhit, pamagat, at mensahe sa tema | Karamihan ay naaayon sa tema | May ilang bahagi na hindi naaayon sa tema | Hindi naaayon sa tema |
| Pagkamalikhain at Orihinalidad | Napakamalikhain at orihinal ang konsepto at disenyo | Malikhain ngunit may pagkakahawig sa karaniwang ideya | Limitado ang pagkamalikhain | Walang makikitang pagkamalikhain |
| Disenyo, Kulay, at Kaayusan | Maayos ang layout, epektibo ang paggamit ng kulay, at kaaya-ayang tingnan | Maayos ang disenyo ngunit may kaunting kakulangan sa kulay o ayos | Hindi gaanong maayos ang disenyo at kulay | Magulo at hindi kaaya-aya ang disenyo |
| Pagpapaliwanag at Presentasyon | Malinaw, lohikal, at may kumpiyansang naipaliwanag ang mensahe ng poster | Naipaliwanag nang maayos ang poster | Bahagyang naipaliwanag; kulang sa detalye | Hindi naipaliwanag o hindi malinaw ang paliwanag |

| B. Pagbuo ng Anotasyon | Itala ang Obserbasyon | Epektibong Pamamaraan | Suliraning Naranasan o Ibang Usapin |
|---|---|---|---|
| | Istratehiya | Nahihikayat ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral. Nalilinang ang malikhaing pag-iisip sa pag-uugnay ng mga ideya. Naikokonekta ng mag-aaral ang teorya sa tunay na buhay. Napapalalim ang kasipagan, pagpupunyagi, pagtitipid at wastong pamamahala sa naimpok. | |
| | Kagamitan | Aklat,laptop, powerpoint presentation | |
| | Pakikilahok | Ang mag-aaral ay nakikilahok sa klase sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong ng guro at pagbibigay ng sariling opinyon. Aktibo rin siyang gumagawa ng mga gawain sa loob ng grupo at tumutulong sa paglalahad ng resulta ng kanilang group activity. Bukod dito, ipinakikita rin niya ang pakikinig at pagtugon sa mga ideya ng kanyang mga kamag-aral. | |
| | Iba pa | | |

| | | |
|---|---|---|
| C. Pagninilay | Pamantayan o pamamaraan sa Pagtuturo | Ginagamit ng guro ang mga angkop na estratehiya upang mas maunawan ng mga mag-aaral ang kasipagan, pagpupunyagi, pagtitipid at wastong pamamahala sa naimpok. |
| | Kakayahan ng mga Mag-aaral | Ang mga mag-aaral ay may kakayahang magpahayag ng sariling opinyon, makipagtulungan sa gawain ng grupo, at mag-ugnay ng konsepto sa tunay na buhay. Naipakikita nila ang pag-unawa sa aralin sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok at malikhaing pagpapahayag. |

| | | |
|---|---|---|
| | Inaasahang Pagbabago | Inaasahang magkakaroon ng mas malalim na pag-unawa ang mga mag-aaral sa kasipagan, pagpupunyagi, pagtitipid at wastong pamamahala sa naimpok.bilang isang mamamayang Pilipino. Mapaunlad nila ang kanilang kaalaman at maipakita ang pagiging makabayan |

Inihanda:

**AIRA SHANE L. BRUCAL**
Guro I

Sinuri:

**JUANITO P. HOMBREBUENO**
Dalubguro I, EsP

Binigyang-pansin:

**ELENOR A. PANTOJA**
Ulongguro I, EsP

*Reference: DepEd Order No. 42 s. 2016*

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **ARAWANG BANGHAY ARALIN ...ly Lesson Plan (DLP)** | PAARALAN | LUCSUHIN NATIONAL HIGH SCHOOL | ANTAS NG BAITANG | Baitang 9 |
| | PANGALAN NG GURO | **AIRA SHANE L. BRUCAL** | ASIGNATURA | EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO 9 |
| | YUGTO AT PETSA | **Linggo: 5 Disyembre 5, 2025 Biyernes**<br>Oras — Klase<br>8:45 - 9:30 — G9 Zamora<br>9:30 - 10:15 — G9 Malvar<br>10:15 – 11:00 — G9 Burgos<br>12:15 - 01:00 — G9 Bonifacio<br>01:00 - 1:45 — G9 Jacinto | MARKAHAN | Ikatlo |

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| E. LAYUNIN | Sa pagtatapos ng Aralin ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>- Napapaliwanag ang kaugnayan ng disiplina at produktibong gawain sa tagumpay;<br>- Gumuguhit ng isang poster na nagpapakita ng disiplina sa paggawa; at<br>- Napahalagahan ang disiplina bilang susi sa tagumpay. |
| B. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa kahalagahan ng kasipagan sa paggawa |
| C. Pamantayan sa Pagganap | Nakagagawa ang mga mag-aaral ng mga hakbang upang mapanatili ang kasipagan sa pag-aaral o takdang gawain sa tahanan. |
| D. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto | 1. Napapaliwanag ang kaugnayan ng disiplina at produktibong gawain sa tagumpay;<br>2. Gumuguhit ng isang poster na nagpapakita ng disiplina sa paggawa; at<br>3. Napahalagahan ang disiplina bilang susi sa tagumpay. |

| | |
|---|---|
| E. Nilalaman | Kasipagan, Pagpupunyagi, Pagtitipid at Wastong Pamamahala sa Naimpok |
| F. Integrasyon | **Pag-uugnay sa Ibang Asignatura:**<br>✔ Filipino- Nauunawaan ang elemento at layunin ng tekstong naratibo/parabula.<br>✔ Araling Panlipunan- Naipapaliwanag ang konsepto ng matalinong paggamit ng pinagkukunang-yaman at kita.<br>✔ TLE- Naipamamalas ang kasipagan, disiplina, at pananagutan sa paggawa ng proyekto o gawain. |
| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** | |
| *Pagpapakatao 9 Batayang Aklat sa Pagpapapkatao* Modyul Para sa mag-aaral | |
| **III. MGA HAKBANG S APAGTUTURO AT PAGKATUTO** | |
| A. Pagkuha ng Dating Kaalaman / Pagsisimula ng Bagong Aralin | Magbabahagi ang mga bata sa klase tungkol mga natutunan nila sa kanilang naging aktibidad noong nakaraang araw. |
| B. Paglalahad ng Layunin ng Aralin | Layunin ng aralin na:<br>1. Napapaliwanag ang kaugnayan ng disiplina at produktibong gawain sa tagumpay;<br>2. Gumuguhit ng isang poster na nagpapakita ng disiplina sa paggawa; at<br>3. Napahalagahan ang disiplina bilang susi sa tagumpay. |
| C. Paglinang at Pagpapalalim | **Panuto: Basahin ang bawat tanong at piliin ang tamang sagot mula sa mga pagpipilian. Isulat ang titik ng tamang sagot sa inyong sagutang papel.**<br><br>1. Ano ang ibig sabihin ng disiplina sa paggawa?<br>A. Pagtapos ng gawain nang walang plano<br>B. Pagsunod sa tamang proseso at maayos na pagtupad ng gawain<br>C. Pagtatapos ng gawain nang mabilis ngunit walang kalidad<br>D. Pag-iwas sa responsibilidad<br><br>2. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng disiplina sa paggawa?<br>A. Pagsisimula ng proyekto ngunit hindi ito tinatapos<br>B. Pagbibigay ng tamang oras sa bawat gawain upang makamit ang kalidad<br>C. Pag-iwas sa mahirap na bahagi ng gawain<br>D. Pagpapabaya sa mga detalyeng mahalaga<br><br>3. Bakit mahalaga ang disiplina sa paggawa?<br>A. Upang maiwasan ang responsibilidad<br>B. Upang makamit ang tagumpay at mataas na kalidad ng trabaho<br>C. Upang magtagal ang isang gawain |

| | |
|---|---|
| | D. Upang hindi na ulitin ang gawain<br><br>4. Paano mo maipapakita ang disiplina sa paggawa sa eskwelahan?<br>A. Paggawa lamang ng takdang-aralin kapag malapit na ang deadline<br>B. Pagtulong sa kaklase sa kanilang gawain kahit tapos na ang sa iyo<br>C. Pagiging pabaya sa mga detalye ng proyekto<br>D. Pagtatapos ng gawain kahit hindi maayos ang resulta<br><br>5. Ano ang pangunahing layunin ng paggawa ng poster tungkol sa disiplina sa paggawa?<br>A. Makapagbigay ng aliw sa mga kaklase<br>B. Magpakita ng mga halimbawa ng tamang disiplina at kahalagahan nito<br>C. Makagawa ng malikhaing larawan nang walang mensahe<br>D. Maipakita ang kasanayan sa pagguhit nang walang kaugnayan sa tema<br><br>6. Alin ang hindi nagpapakita ng disiplina sa paggawa?<br>A. Pagsisimula ng gawain nang walang plano<br>B. Pagtutok sa detalye upang masigurado ang kalidad<br>C. Paglalaan ng oras upang matapos ang isang gawain<br>D. Pagsunod sa tamang proseso sa paggawa<br><br>7. Paano nakatutulong ang disiplina sa paggawa sa tagumpay ng isang tao?<br>A. Tinutulungan nito ang tao na maiwasan ang paggawa<br>B. Nagbibigay ito ng maayos at de-kalidad na resulta<br>C. Ginagawa nitong mabilis ang trabaho kahit hindi maayos<br>D. Pinipigilan nito ang tao na mag-isip ng solusyon<br><br>8. Ano ang pinakamainam na gawin kung ang isang grupo ay gumagawa ng proyekto?<br>A. Hayaan na lamang ang iba ang gumawa ng trabaho<br>B. Magplano at magtulungan upang maayos na matapos ang gawain<br>C. Maghintay na matapos ang proyekto ng iba bago magsimula<br>D. Iwasan ang mahirap na bahagi ng proyekto<br><br>9. Alin sa mga sumusunod ang tamang halimbawa ng pagiging disiplinado?<br>A. Pagiging tamad sa paggawa ng mga takdang-aralin<br>B. Pagsisimula at pagtatapos ng gawain nang maayos at may kalidad<br>C. Pagsuko sa mahihirap na bahagi ng proyekto |


Address: Lucsuhin, Calatagan, Batangas 4215
(043) 786 - 2060
301111@deped.gov.ph

| | |
|---|---|
| | D. Pagpapabaya sa oras ng paggawa<br><br>10. Ano ang magandang paraan upang mapanatili ang disiplina sa paggawa?<br>A. Laging iwasan ang mahirap na gawain<br>B. Gumamit ng tamang oras at pamamahala sa gawain<br>C. Huwag magplano sa simula ng gawain<br>D. Maghintay na matapos ng iba ang kanilang ginagawa<br><br>11. Paano magpapakita ng disiplina sa paggawa sa grupo?<br>A. Gumawa ng plano bago simulan ang proyekto<br>B. Pabayaan ang ibang kasapi na magtrabaho nang mag-isa<br>C. Magbigay ng ideya ngunit hindi makibahagi<br>D. Hintayin na matapos ang lahat bago tumulong<br><br>12. Ano ang hindi nagpapakita ng disiplina sa paggawa?<br>A. Pagsunod sa tamang proseso ng paggawa<br>B. Pagpapabaya sa mga detalye ng gawain<br>C. Paglalaan ng oras para sa bawat aspeto ng proyekto<br>D. Pagtutok sa resulta ng gawain<br><br>13. Bakit mahalaga ang disiplina sa paggawa sa lipunan?<br>A. Upang hindi makialam ang ibang tao<br>B. Upang masigurado ang kaayusan at kaunlaran<br>C. Upang gawing mas mahirap ang mga gawain<br>D. Upang maiwasan ang pagtutulungan<br><br>14. Ano ang resulta ng disiplina sa paggawa?<br>A. Kawalang-interes sa gawain<br>B. Mahusay at de-kalidad na resulta<br>C. Mabilis ngunit mababang kalidad ng trabaho<br>D. Hindi natapos na gawain<br><br>15. Alin ang magandang halimbawa ng disiplina sa paggawa sa bahay?<br>A. Pag-iwan sa hindi natapos na gawaing bahay<br>B. Pag-aayos ng kwarto tuwing umaga<br>C. Pagpapabaya sa kalat sa paligid |

| | |
|---|---|
| | D. Paghihintay ng iba na maglinis<br><br>16. Ano ang dapat gawin kung ang trabaho ay mahirap?<br>A. Iwasan ito at maghanap ng mas madaling gawin<br>B. Gawin ito nang may tiyaga at dedikasyon<br>C. Ipasa ito sa iba<br>D. Hintayin na mawala ang trabaho<br><br>17. Paano ipinapakita ang disiplina sa oras?<br>A. Palaging gumagawa sa huling minuto<br>B. Tinatapos ang gawain bago ang takdang oras<br>C. Hindi sumusunod sa iskedyul<br>D. Pagtapos ng gawain nang walang kalidad<br><br>18. Ano ang pangunahing layunin ng disiplina sa paggawa?<br>A. Upang maging tamad sa trabaho<br>B. Upang makamit ang tagumpay at magbigay-inspirasyon sa iba<br>C. Upang maghintay ng resulta nang walang ginagawa<br>D. Upang gawing mabagal ang trabaho<br><br>19. Paano maipapakita ang disiplina sa paaralan?<br>A. Pagpasa ng proyekto nang hindi kumpleto<br>B. Pagsunod sa alituntunin at pagtatapos ng gawain nang maayos<br>C. Pagpapabaya sa takdang-aralin<br>D. Pag-iwas sa mga proyekto<br><br>20. Ano ang nagiging resulta ng kawalan ng disiplina sa paggawa?<br>A. Tagumpay at kaayusan<br>B. Kakulangan ng kalidad at maayos na resulta<br>C. Inspirasyon sa iba<br>D. Pagpapahusay sa sarili |
| D. Paglalahat | |
| **IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO** | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| A. Pagtataya | **Susi sa Pagkatuto:**<br>1. B<br>2. B<br>3. B<br>4. B<br>5. B<br>6. A<br>7. B<br>8. B<br>9. B<br>10. B | 11. A<br>12. B<br>13. B<br>14. B<br>15.B<br>16. B<br>17. B<br>18. B<br>19. B<br>20. B | |
| B. Pagbuo ng Anotasyon | **Itala ang Obserbasyon** | **Epektibong Pamamaraan** | **Suliraning Naranasan o Ibang Usapin** |
| | Istratehiya | Nahihikayat ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral.<br>Nalilinang ang malikhaing pag-iisip sa pag-uugnay ng mga ideya.<br>Naikokonekta ng mag-aaral ang teorya sa tunay na buhay.<br>Napapalalim ang kasipagan, pagpupunyagi, pagtitipid at wastong pamamahala sa naimpok. | |
| | Kagamitan | Aklat,laptop, powerpoint presentation | |
| | Pakikilahok | Ang mag-aaral ay nakikilahok sa klase sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong ng guro at pagbibigay ng sariling opinyon. Aktibo rin siyang gumagawa ng mga gawain sa loob ng grupo at tumutulong sa paglalahad ng resulta ng kanilang group activity. Bukod dito, ipinakikita rin niya ang pakikinig at pagtugon sa mga ideya ng kanyang mga kamag-aral. | |
| | Iba pa | | |
| C. Pagninilay | Pamantayan o pamamaraan sa Pagtuturo | Ginagamit ng guro ang mga angkop na estratehiya upang mas maunawan ng mga mag-aaral ang kasipagan, pagpupunyagi, pagtitipid at wastong pamamahala sa naimpok. | |
| | Kakayahan ng mga Mag-aaral | Ang mga mag-aaral ay may kakayahang magpahayag ng sariling opinyon, makipagtulungan sa gawain ng grupo, at mag-ugnay ng konsepto sa tunay na buhay. Naipakikita nila ang pag-unawa sa aralin sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok at malikhaing pagpapahayag. | |
| | Inaasahang Pagbabago | Inaasahang magkakaroon ng mas malalim na pag-unawa ang mga mag-aaral sa kasipagan, pagpupunyagi, pagtitipid at wastong pamamahala sa naimpok.bilang isang mamamayang Pilipino. Mapaunlad nila ang kanilang kaalaman at maipakita ang pagiging makabayan | |

Inihanda: Sinuri: Binigyang-pansin:

**AIRA SHANE L. BRUCAL**
Guro I

**JUANITO P. HOMBREBUENO**
Dalubguro I, EsP

**ELENOR A. PANTOJA**
Ulongguro I, EsP